Port Ang Programa ng Berde na Pagre-recycle ng Organikong Basura (G.R.O.W.)

Lungsod at Lalawigan ng Honolulu Kagawaran ng Serbisyong Pangkapaligiran

Pagbabago sa Sistema ng Pang-residensyal na Pangongolekta sa Gilid ng Kalsada patungo sa Mga Berdeng Basurahan ng Kompost: Pagkomposta ng Basurang Pagkain at mga Gawaing Materyal na Maaaring Ikomposto

Madalas Itanong na mga Katanungan at Sagot

Bisitahin ang aming website!

May mga tanong?
Bisitahin: honolulu.gov/env/grow
Tumawag: (808) 768-3200
Email: opala@honolulu.gov

Buod

Ang Lungsod at Lalawigan ng Honolulu (Lungsod) Kagawaran ng Serbisyong Pangkapaligiran (ENV) ay ipinapakilala ang programang Green Recycling Organic Waste (G.R.O.W.) sa pamamagitan ng pagpapatakbo sa piling mga sambahayan upang gawing kompost ang mga tira-tirang pagkain o kaya'y mga nasayang na pagkain gamit ang kanilang awtomatikong koleksyon sa gilid ng kalsada sa berdeng basurahan para sa kompost. Sa kalaunan, sasaklawin ng programa ang pagkolekta ng mga ginawang materyales na maaaring gawing kompost (mga produktong may label na Compostable at Biodegradable). Sinisimulan ng Lungsod ang isang pilotong programa upang payagan ang mga residente sa Waipahu, Nānākuli, Hawai'i Kai, Mililani, Kailua, Kalihi, at mga karatig na lugar ng mga bayang ito na kasalukuyang tumatanggap ng awtomatikong koleksyon sa gilid ng kalsada na magdagdag ng mga tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain sa kanilang berdeng basurahan ng kompost simula Abril 1, 2026. Sa hinaharap, palalawakin ng Lungsod ang programang ito sa buong isla.

Sinusuportahan ng inisyatibang ito ang layunin ng Lungsod na makamit ang 95% na pag-iwas sa pagtatapon sa landfill pagsapit ng 2030. Ang basura sa pagkain ay bumubuo ng humigit-kumulang 20% ng kabuuang daloy ng basura sa O'ahu, na maaaring umabot sa 160,000 tonelada ng kabuuang basura sa pagkain bawat taon, kung saan humigit-kumulang 60,000 tonelada rito ay nagmumula sa mga tahanan. Kapag naitapon sa landfill, ang basura ng pagkain ay naglalabas ito ng methane, isang malakas na greenhouse gas. Ang pagko-compost ng mga tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain ay nakakatulong na makatipid ng espasyo sa landfill, mabawasan ang emisyon ng methane, at gawing compost na mayaman sa sustansya para sa mga lokal na hardin o mga bakuran, at agrikultura.

Ang Mālama 'āina (pag-aalaga sa kapaligiran) ay nagsisimula sa ating mga bahay. Sa pamamagitan ng paglalagay ng mga tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain sa iyong

berdeng basurahan ng kompost, nakakatulong ka na mabawasan ang basura na itinatapon sa lupa at ang pagbuga ng mga greenhouse gas, maibalik ang sigla ng lupa, at mag-iwan ng mas malusog na isla para sa mga susunod na henerasyon.

Ang Programa ng G.R.O.W. – Pagdaragdag ng mga tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain sa berdeng basurahan ng kompost

T: Anong mga pagbabago sa koleksyon sa gilid ng kalsada ang magaganap sa Oʻahu?

S: Ang mga residente na napili na maging bahagi ng pilotong programa ay makakapag-compost ng mga tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain sa pamamagitan ng kanilang berdeng compost cart/basurahan sa gilid ng kalsada simula Abril 1, 2026. Kapag nagsimula na ang pilotong programa, makakapaglagay ang mga residente ng mga tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain sa kanilang berdeng compost cart/basurahan, kasama ang berdeng basura, bilang bahagi ng regular na koleksyon tuwing ikalawang linggo.

Ang mga sambahayan na kasalukuyang tumatanggap ng serbisyo ng koleksyon gamit ang berdeng compost cart/basurahan sa mga sumusunod na pamayanan at mga karatig na lugar ng mga bayang ito ay bahagi ng pilotong programa:

- Waipahu
- Nānākuli
- Hawaiʻi Kai
- Mililani
- Kailua
- Kalihi

Kung ang iyong sambahayan ay nasa isa sa mga pamayanang ito, makatatanggap ka ng liham sa Pebrero o Marso 2026 na nag-iimbitang lumahok.

Sa kasalukuyan, ang mga Manufactured Compostable Materials, na kinabibilangan ng mga pakete at lalagyan na may label na Compostable o Biodegradable, ay **HINDI** tatanggapin sa mga berdeng basurahan para sa kompost. Sa hinaharap, magbibigay ang Lungsod ng anunsyo kung kailan maaaring ilagay sa mga berdeng basurahan para sa kompost ang mga compostable na Manufactured Compostable Materials.

Magpapatuloy ang awtomatikong koleksyon ng regular na basura, halo-halong recyclable, at berdeng basura para sa lahat ng residente. Tingnan dito ang iskedyul ng koleksyon ng inyong cart/basurahan. I-aanunsyo ng Lungsod kung kailan maaaring ilagay ng lahat ng residente sa buong isla ang mga tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain sa kanilang berdeng compost cart/basurahan sa hinaharap.

T: Paano gagana ang koleksyon ng tira-tirang pagkain at basura sa bahay?

S: Sumangguni sa mga digital na fact sheet at brochure para sa karagdagang impormasyon sa https://honolulu.gov/env/grow. Ang mga residente na bahagi ng pilotong programa ay maaaring kumuha ng libreng timba para sa koleksyon sa kusina o mga reusable na silicone bag sa mga in-person na workshop ng ENV tungkol sa programa o mula sa opisina ng ENV. Kung hindi ka makadalo sa nalalapit na in-person na workshop, mangyaring direktang makipag-

ugnayan sa Recycling Branch ng Lungsod sa (808) 768-3200 o sa opala@honolulu.gov upang ayusin ang pagkuha ng lalagyan sa kusina. Walang karagdagang bayad para sa pagkuha at paggamit ng timba pang-kolekta sa kusina o mga reusable na silicone bag.

T: Bakit nilalagay ang mga tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain sa mga berdeng basurahann ng kompost?

S: Ang pagtanggap ng mga tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain sa programang green compost sa gilid ng kalsada para sa mga residente ay makakatulong sa Lungsod na mas mapalapit sa layunin na 95% na pag-iwas sa pagtatapon sa landfill pagsapit ng taon 2030, ayon sa nakasaad sa *2019 Integrated Solid Waste Management Plan Update ng Lungsod at Lalawigan ng Honolulu*. Ang mga organikong materyales ay bumubuo ng 36% ng kabuuang daloy ng basura sa O'ahu, kung saan ang basura sa pagkain ay bumubuo ng 20% ng kabuuan. Ayon sa timbang, ang O'ahu ay gumagawa ng humigit-kumulang 160,000 toneladang basura sa pagkain bawat taon, kung saan 60,000 tonelada rito ay nagmumula sa mga tahanan/sambahayan.

Ang paglalagay ng mga tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain sa mga berdeng compost cart/basurahan para sa tahanan ay makakatulong sa Lungsod na mabawasan ang dami ng itinatapon na pagkain sa landfill at sa gayon ay makatipid ng espasyo sa landfill at makabawas ng pagbuga ng greenhouse gas mula sa nabubulok na pagkain. Ang mga tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain, kasama ang green waste, ay gagawing compost na sagana sa sustansya na tumutulong sa pagpapalago ng halaman, pumipigil sa pagguho ng lupa, nagiimbak ng tubig, at organikong pataba na pumipigil sa mga sakit ng halaman at damo.

CCH Bill 47, Ordinansang 23-30, nagtatakda ng obligasyon para sa ENV na isama ang pangongolekta ng mga tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain sa programang pangkalahatan sa buong isla para sa pangongolekta sa gilid ng kalsada ng mga materyales na maaaring i-recycle mula sa kanilang mgaberdeng basurahan, pagsapit ng Abril 1, 2025. CCH Bill 28, Ordinance 25-24, ay nagpapalawig ng huling takdang panahon para sa ENV na ipatupad ang koleksyon sa gilid ng kalsada ng mga tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain hanggang Abril 1, 2026.

T: Kailangan ko bang lumahok sa bagong programang ito?

S: Boluntaryo ang programang ito. Gayunpaman, hinihikayat ang mga residente na lumahok.

T: Bakit ako dapat lumahok sa bagong programang ito?

S: Ang Mālama 'Āina ay isang pagpapahalaga ng mga Hawaiian na nangangahulugang alagaan ang lupa at ang mga taong nakapaligid sa atin. Lahat tayo ay may magagawa upang alagaan ang kapaligiran at ang komunidad. Ang paglalagay ng tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain sa berdeng basurahan ng kompost ay nakakatulong na maiwasan ang basura sa landfill, na nakabubuti sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagbabawas ng dami ng basurang napupunta sa landfill at ng mga greenhouse gas na inilalabas mula sa basura ng pagkain, at sa pamamagitan ng kontribusyon sa paggawa ng kompost na mayaman sa sustansya para sa pagtatanim ng mga halaman. Sa pamamagitan ng pakikilahok sa bagong programang ito, nakakatulong ka rin sa Lungsod na maabot ang layunin sa pagpapanatili ng basura na makamit ang 95% na pag-iwas sa landfill pagsapit ng 2030.

T: Magkakaroon ba ng pagbabago sa koleksyon ng basura (abo na cart/basurahan) at halo-halong recyclables (asul na cart/basurahan)?

S: Hindi. Mananatiling pareho ang koleksyon ng basura at halo-halong recyclable.

T: Magkakaroon ba ng pagbabago sa iskedyul ng koleksyon ko?

S: Hindi. Mananatiling pareho ang iskedyul ng koleksyon ninyo. Maaari ninyong tingnan ang inyong iskedyul dito.

T: Maaari ko bang ihatid nang mag-isa ang aking mga tira-tirang pagkain, nasayang na pagkain, at berdeng basura?

S: Oo. Lahat ng residente ay maaaring mag-self-drop off ng mga tira-tirang pagkain, nasayang na pagkain, at green waste nang libre sa pasilidad ng composting ng Hawaiian Earth Recycling sa lokasyon sa Wahiawā sa 65-1101 Wilikina Drive, Wahiawā. Tatanggap ang pasilidad ng maximum na dalawang self-drop-off na karga bawat araw. Tingnan ang website ng Hawaiian Earth Recycling dito para sa mga oras ng operasyon ng lokasyon. Hindi tatanggap ng mga tira-tirang pagkain o nasayang na pagkain ang mga City Transfer Station at Refuse Convenience Center. Maaari ka pa ring maghulog ng green waste sa nakalaang roll-off container o lugar para sa green waste sa mga City transfer station o convenience center.

Pagliligpit ng mga Natirang Pagkain at Basurang Pagkain

T: Anong mga tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain ang maaaring ilagay sa berdeng kariton ng kompost?

S: Ang mga sumusunod na tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain ay maaaring ilagay sa berdeng compost cart/basurahan:

- Prutas
- Mga gulay
- Mga produktong gatas: Mga solid at semi-solid sa temperatura ng kuwarto (tulad ng keso at yogurt)
- Tinapay at mga inihurnong pagkain
- Pasta, bigas, butil, at cereal
- Buto ng beans, mani, at buto
- Laman/karne, pagkaing-dagat, manok, at buto (tulad ng mula sa isda at manok)
- Balat ng itlog, balat ng mani, at mga kabibi ng pagkaing-dagat
- Mga tira-tira at bulok na pagkain
- Mga tira sa mesa at mga pinunasan sa plato
- Maluluwag na pulbos ng kape at dahon/pulp ng tsaa

Ito ay karagdagan sa berdeng basura na nakalap na sa inyong mga cart/basurahan para sa berdeng kompost:

- Gupit na damo
- Mga dahon
- Mga sanga
- Gupit sa bakod

- Mga dahon ng palma
- Natural na puno ng Pasko (Pine Tree/Christmas Tree)

T: Ano ang <u>hindi maaaring</u> ilagay sa berdeng basurahanng kompost?

S: Ang mga sumusunod na bagay **<u>ay hindi maaaring</u>** ilagay sa berdeng kariton ng kompost:

- Mga likido
- Papel at mga produktong papel
- Plastik
- Metal
- Salamin
- Taba, langis, at mantika (FOG)
- Ginawang Materyales na Nabubulok (MCM): Mga produktong sertipikado at may label na Nabubulok at Nabubulok nang Biodegradable
- Dumi ng alagang hayop
- Mga baso ng kape
- Mga lalagyan ng takeout at mga kahon ng pizza
- Balot at pakete ng fast food
- Kork, goma, mga sticker ng produkto, at twist ties
- Dumi, bato, cemento, at paso ng halaman

T: Paano naman ang mga packaging, lalagyan, at iba pang produktong may label na Compostable o Biodegradable? Maaari ko ba silang ilagay sa aking berdeng basurahan ng kompost?

S: Hindi. Kahit na may etiketa ang isang produkto na Compostable o Biodegradable, **<u>huwag mo</u>** itong ilagay sa iyong berdeng kariton ng kompost. Sa kasalukuyan, hindi pa kayang iproseso ng pasilidad ng kompost ng Lungsod ang mga Manufactured Compostable Materials, bagamat nagsusumikap ang Lungsod na tanggapin ang mga ito sa hinaharap.

T: Paano dapat kong itago ang mga tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain bago ang pagkolekta?

S: Itago ang mga tira-tirang pagkain at basura ng pagkain sa loob ng bahay hanggang sa araw ng koleksyon. Gumamit ng selyadong lalagyan sa kusina gaya ng timba pang-kusina, reusable na silicone bag, o muling ginamit na lalagyan tulad ng malaking yogurt tub. Inirerekomenda na i-freeze ang mga tira-tirang pagkain hanggang sa araw ng koleksyon. Ibuhos nang direkta sa iyong berdeng compost cart ang laman (mga tira-tirang pagkain at basura ng pagkain LAMANG) mula sa iyong lalagyan o bag. Huwag maglagay ng anumang plastik na bag o plastik na lalagyan sa berdeng compost cart, dahil makakontamina ang plastik sa kompost. Pakitandaan na ang post-consumer na basura ng pagkain ay mabaho at maaaring magdulot ng pagkahilo, kaya inirerekomenda ang pagyeyelo.

T: Dapat ko bang alisin ang sira o bulok na pagkain mula sa aking lalagyan na metal/salamin/plastik bago ilagay ang sira na pagkain sa aking lalagyan sa counter ng kusina, reusable silicone bag, o sa berdeng compost cart/basurahan?

S: Oo. Ilagay lamang ang mga tira-tirang pagkain at basura ng pagkain sa lalagyan sa counter ng kusina, reusable na silicone bag, o sa berdeng compost cart/basurahan.

T: Pwede ba akong gumamit ng mga bag at compostable plastic liners para kolektahin ang mga tira-tirang pagkain at basura, at pagkatapos ay ilagay ito sa berdeng compost cart?

S: Hindi. Ang mga plastik na bag at compostable plastic liner (kabilang ang mga BPI-certified compostable at biodegradable na bag) ay **hindi** maaaring ilagay sa berdeng compost cart/basurahan. Ang mga tira-tirang pagkain at basura sa pagkain ay dapat direktang ilagay sa berdeng compost cart nang walang bag.

T: Paano ko mababawasan ang mga amoy at peste?

S: Maaaring mabawasan ang mga amoy at peste sa mga sumusunod na paraan:

Mga Lalagyan sa Kusina

- Budburan ng baking soda ang iyong mga tira-tirang pagkain at basura upang mabawasan ang amoy.
- Panatilihing mahigpit na nakasara ang mga lalagyan sa kusina.
- I-freeze ang mga tira-tirang pagkain at basura ng pagkain. Maglaan ng puwang sa iyong freezer para ilagay ang mga lalagyan sa freezer at i-empty ang mga lalagyan gabi bago o sa umaga ng araw ng koleksyon.*
- Hugasan at patuyuin ang mga panloob na lalagyan sa kusina at mga bag na may selyo pagkatapos ilabas ang mga tira-tirang pagkain at basura.

Mga Berdeng Kariton ng Kompost

- Ilabas ang iyong basurahan tuwing ikalawang linggo sa araw ng koleksyon.
- Budburan ng baking soda ang mga cart upang mabawasan ang amoy.
- Magpalit-palit ng mga patong ng berdeng basura at tira-tirang pagkain, simulan sa berdeng basura sa ilalim ng kariton upang makatulong sumipsip ng anumang natitirang likido/katas.
- Panatilihin ang mga cart/basurahan sa lilim.
- Panatilihing mahigpit ang takip ng mga cart/basurahan at laging nakasara ito.

*Pakitandaan na ang post-consumer na basura sa pagkain ay mabaho at maaaring magdulot ng pagkahilo, kaya inirerekomenda ang pagyeyelo.

T: Magbibigay ba ang Lungsod ng mga kagamitan o suplay para tulungan ako?

S: Oo! Maaaring kumuha ang mga residente ng timba sa kusina o reusable na silicone bag para sa koleksyon sa bahay sa mga in-person na informational workshop ng ENV o sa pamamagitan ng pagkuha sa opisina ng ENV nang walang bayad para sa mga kalahok na residente. Kung hindi ka makadalo sa darating na in-person na workshop, mangyaring direktang makipag-ugnayan sa Recycling Branch ng Lungsod sa (808) 768-3200 o opala@honolulu.gov upang ayusin ang pagkuha ng lalagyan sa kusina. Mayroon din kaming mga gabay at polyeto para matulungan ka.

Sumangguni sa website ng G.R.O.W. para sa karagdagang impormasyon: https://www.honolulu.gov/env/grow/.

T: Paano kung isa na akong backyard composter?

S: Ipagpatuloy ang pag-compost sa iyong bakuran! Ang backyard composting ay nag-co-convert ng mga debris sa bakuran at tira-tirang pagkain, tulad ng mga putol na gulay at prutas, na nagsisilbing pataba o sustansya para sa iyong hardin. Sa bagong sistema ay, maaari mo nang ilagay sa iyong berdeng compost cart/basurahan ang mga bagay na hindi dapat mapunta sa tambak ng compost sa bakuran, tulad ng karne, buto, mga produktong gatas, at mga butil.

T: Pwede ko bang gamitin ang aking garbage disposal para sa mga tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain?

S: Huwag gamitin ang iyong garbage disposal para sa mga tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain. Sa halip, gawing kompost ang iyong mga tira-tirang pagkain! Hindi nilalayon ang garbage disposal na humawak ng malalaking dami ng pagkain, na maaaring magdulot ng problema sa iyong bahay at sa sistema ng imburnal ng Lungsod. Ang pagpapadala ng mga solidong pagkain sa imburnal ay nagdaragdag ng pasanin sa sistema, at kailangang alisin ang mga ito sa susunod na mga araw. Ang mga taba, langis, at grasa (FOG) ay partikular na nakasasama sa sistema ng imburnal ng Lungsod at dapat itapon bilang basura sa iyong kulay-abo na basurahan. Upang maayos na maitapon ang FOG, ilagay ang sumisipsip na materyal tulad ng pinong papel sa isang plastik na bag, ibuhos ang nilalaman ng FOG, isara ito, ilagay ang bag sa isang kahon na karton, isara ang kahon, at ilagay ito sa kulay-abo na basurahan ng basura.

Pangkalahatang Impormasyon

T: Ano ang nangyayari sa mga tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain na nakokolekta para sa komposting?

S: Ang mga tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain ay ipinapadala sa pasilidad ng pag-komposta ng Hawaiian Earth Recycling sa 65-1101 Wilikina Drive, Wahiawā. Ito ay isang komersyal na pasilidad ng pag-komposta na gumagamit ng mga espesyal na proseso upang tunawin ang organikong materyal. Ang mga tira-tirang pagkain mula sa konsyumer tulad ng mga produktong gatas, karne, balat ng itlog, tira-tira at sira na pagkain, at mga natirang pagkain sa mesa at pinggan ay dadaan sa espesyal na kinakailangang oras/temperatura at pagsusuri para sa mga pathogen sa pasilidad ng komposting. Ang kompost mula sa Hawaiian Earth Recycling ay ibinebenta sa mga landscaper, residente, at iba pang gumagamit sa agrikultura. Alamin pa sa kanilang website: https://hawaiianearth.com/

T: Magkakaroon ba ng compost para sa mga residente?

S: Maaari kang bumili ng kompost mula sa Hawaiian Earth Recycling. Mangyaring sumangguni sa kanilang website para sa karagdagang impormasyon.

T: Kasama ba ako sa bagong serbisyong ito kung nakatira ako sa apartment o kondominyum?

S: Sa kasalukuyan, hindi kasama sa bagong serbisyong ito ang mga apartment at condominium.

T: Kung nakatira ako sa apartment/kondominyum, maaari ko bang ihatid nang mag-isa ang basura sa Hawaiian Earth Recycling?

S: Oo. Ang mga residente ng apartment/kondominyum sa buong isla ay maaaring magdala nang mag-isa ng berdeng basura, tira-tirang pagkain, at nasayang na pagkain nang walang bayad nang direkta sa Hawaiian Earth Recycling sa Wahiawā.

T: Magkakaroon ba ng bayad para sa bagong serbisyong ito?

S: Hindi. Walang karagdagang bayad para maglagay ng mga tira-tirang pagkain at nasayang na pagkain sa iyong berdeng basurahan ng kompost.

T: Magpapataas ba ng buwis ko ang bagong serbisyong ito?

S: Hindi. Sakop ng umiiral na badyet, operasyon, at kawani ng Lungsod ang serbisyong ito.

T: Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

S: Magbabahagi ang Lungsod ng impormasyon sa pamamagitan ng website ng ENV, mga polyeto, mga post sa social media, at mga pampublikong workshop na personal na dadaluhan.

Bisitahin: honolulu.gov/env/grow
Tumawag: (808) 768-3200
Email: opala@honolulu.gov